# Balitang Manmin

BILANG 183 HULYO 2, 2017


# Napanood sa Buong Mundo ang Crystal Music Festival 2017 sa Pamamagitan ng Satellite

## Tumanggap ng Napakaraming Papuri ang mga Tagapagtanghal ng Manmin




Noong Mayo 20, 2017, sa ganap na ika-6:00 ng gabi (lokal na oras) ginanap ng Crystal Forum ang Crystal Music Festival 2017 sa Kibbutz Shefayim Hall, Kibbutz Hotel, Israel. Naging matagumpay ang okasyon, 900 tao ang dumalo. Bukod sa mga Messianic Jews na naninirahan sa Israel, may mga dumalo din mula sa Korea, Russia, Ukraine, Pilipinas, Africa, at Latvia.

Sinimulan ang kaganapan sa pamamagitan ng mensahe mula kay Pastor Daniel Mazhashi. Ang mga nagtanghal ay mula sa King of Glory Church ng Haifa, Manmin Central Church ng Seoul, Spirit of Life Church ng Nazareth, at Sound of Victory Chorus ng Ukraine at ang Chorus mula sa Africa, pinapurihan nila ang Panginoon (litrato 1-5). May mga soloista rin mula sa Israel na nagpuri sa pangalan ng Panginoon sa pamamagitan ng mga awitin.

❖

Nagtanghal sina Rose Han, Lider ng Papuri at Bise Tagapangulo ng Komite ng Sining ng Pagtatanghal, at ang Glory Worship Dance Team sa pagsisimula at pagtatapos ng programa sa loob ng 30 minuto, pinuri ng mga dumalo ang pagtatanghal nila. Sinayaw ng Glory Worship Dance Team ang isang tradisyunal na sayaw ng Korea na may pamaypay, sumayaw din sila sa mga tradisyunal na mga awitin ng Israel. Umawit ang Lider ng Papuri na si Rose Han sa wikang Hebrew at Russian, namuno siya sa pag-awit ng kongregasyon. Nakapagpalakas ng loob at nakapagpabago ng kalooban ang mga papuring awitin niya. Inawit nila ni Pastor Dmitry Petrovsky, isang kilalang mang-aawit ng mga papuri na taga-Israel, ang isang papuring awitin ng Manmin na may titulong “Castle of the Shepherd I” sa wikang Ruso. Nakadagdag ito sa mas matinding emosyon (litrato 6).

Sa kanyang mensaheng pagbati, inihatid ni Elder Johnny Kim, Direktor ng GCN, ang pagmamahal ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Sinabi niya na palaging idinadalangin ni Dr. Lee ang Israel.

Maraming tao ang nakibahagi sa okasyon dahil sa naka-record at sabayang pagbobrodkast ng TBN Russia, CNL TV, TBN Baltia, CMTN, Invictory, YouTube, at Facebook. Nakibahagi sa sabayang pagbobrodkast ang mga tao sa Russia, Kazakhstan, Moldova, U.K., Switzerland, Ukraine, Estonia, at Latvia. Nagpadala sila ng mga patotoo na nagsasabing nagkaroon sila ng maraming pagpapala sa ginanap na programa (litrato 7-9).

❖

Ang Crystal Forum na siyang namuno sa okasyon ay samahan ng mga pastor na taga-Israel. Nabuhayan ang mga espiritu nila ng nagsagawa si Dr. Jaerock Lee ng ministeryo sa lahat ng lugar sa Israel sa loob ng tatlong taon na sinimulan niya noong taong 2007. Kusang-loob na bumuo ng samahan ang mga pastor at nagsagawa ng mga seminar para sa mga pastor at mga pagpupulong na may panyong nakapagpapagaling (Ang Mga Gawa 19:11-12), mga camp para sa mga kabataan, at mga seminar para sa mga mag-asawa (litrato 10-11).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Ang Punungkahoy ng Pagkakilala ng Mabuti at Masama

"Kinuha ng PANGINOONG Diyos ang lalaki at inilagay sa Halamanan ng Eden upang ito ay kanyang bungkalin at ingatan. At iniutos ng PANGINOONG Diyos sa lalaki, na sinasabi, 'Malaya kang makakakain mula sa lahat ng punungkahoy sa halamanan, subalit mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagkat sa araw na ikaw ay kumain niyon ay tiyak na mamamatay ka.'"
(Genesis 2:15-17)

Sa Genesis 2, nang lalangin ng Diyos ang tao mula sa alabok sa lupa at hingahan ang mga butas ng ilong nito ng hininga ng buhay, naging buhay na nilalang ito. Naglagay ang Diyos ng halamanan sa Eden at dinala Niya ang tao doon para mamahala sa lahat ng bagay.

Inilagay ng Diyos ang punungkahoy ng buhay at ang punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama sa gitna ng Halamanan ng Eden. Bakit Niya ginawa ito?

## 1. Kalooban ng Diyos ang Mangalaga ng Sangkatauhan para Magkaroon ng Tunay na mga Anak

Sa ikatlong araw ng Paglikha, inipon ng Diyos sa isang lugar ang lahat ng tubig na tumatakip sa mundo. Tinawag Niya itong "Dagat", pinalitaw Niya ang tuyong lupa at tinawag itong "Lupa." Sa pamamagitan ng salita lumikha Siya ng mga tanim, mga halaman na may binhi ayon sa bawat uri, at mga punungkahoy na namumunga at may buto ayon sa kanilang uri. Nangyari ito sa Halamanan ng Eden (Genesis 1:9-13).

Sa ika-6 na araw ng Paglikha, nilalang ng Diyos ang tao at inihinga sa butas ng ilong nito ang hininga ng buhay at ito ay naging buhay na nilalang. Dinala ito ng Diyos sa Halamanan ng Eden. Mula sa lupa ng halamanan, pinalaki ng Diyos ang bawat punungkahoy na mabuti sa paningin at may bunga na pwedeng kainin; ang punungkahoy ng buhay at ang punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay nasa gitna ng halamanan (Genesis 2:9).

Ang bunga na nasa Halamanan ng Eden ay mas higit na masarap, mabango, at maganda kaysa sa mga bunga na nasa Lupa. Pwedeng kainin ng unang nilalang na si Adan ang lahat ng bunga na nasa Halamanan ng Eden maliban sa isa. Ito ang bunga ng punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama na nasa gitna ng halamanan. Mahigpit na ipinagbawal ito ng Diyos sa kanya, sinabing, "Malaya kang makakakain mula sa lahat ng punungkahoy sa halamanan, subalit mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagkat sa araw na ikaw ay kumain niyon ay tiyak na mamamatay ka" (Genesis 2:16-17).

Pero pagkalipas ng mahabang panahon, nakalimutan na ni Adan ang sinabi ng Diyos sa kanya, kumain siya mula sa punungkahoy na ipinagbawal. Dahil dito, pinalayas sila sa Halamanan ng Eden (Genesis 3). Naglagay ang Diyos ng kerubin sa silangan ng Halamanan ng Eden para walang makapasok doon. Nagtataka ang mga tao kung bakit naglagay ng punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama sa gitna ng Halamanan ng Eden na naging dahilan ng pagkakasala ni Adan. Hindi nila batid ang dakilang pag-ibig ng Diyos at ang kalooban Niya tungkol sa pangangalaga ng sangkatauhan.

Sa palagay ba ninyo naglagay ang Diyos ng pag-ibig ng punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama para magkasala si Adan? May mga hindi nakakaintindi sa Diyos, sinasabi nila na sinubukan Niya si Adan sa pamamagitan ng punungkahoy na ito. Pag-aralan nating mabuti kung bakit inilagay ng Diyos ito sa gitna ng Halamanan ng Eden at ipinagbawal kay Adan na kumain ng bunga nito.

Bago kumain si Adan ng bunga mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama, masaya siya sa kapangyarihan at mga biyaya niya bilang anak ng Diyos sa Halamanan ng Eden na napakaganda, napakatahimik, at napakasagana. Pero hindi niya nadama ang tunay na kaligayahan dahil hindi pa niya naranasan ang kalungkutan. Dahil walang karamdaman, aksidente, at kamatayan sa Halamanan ng Eden, hindi niya naranasan ang sakit, lungkot, at dalamhati.

Para maranasan ang tunay na halaga ng isang bagay, dapat ninyong maranasan ang isang bagay na kabaliktaran nito. Kung nagugutom ang isang tao, alam niya ang kahalagahan ng pagkain. Kung hindi pa ninyo naranasan ang kahirapan, hindi kayo tunay na magpapasalamat sa kayamanan. Kung hindi pa ninyo naranasang magalit sa isang tao, hindi ninyo mapapahalagahan ang pagmamahal. Napakahalaga na madama ang mga bagay na magkasalungat para mabatid ninyo ang kahalagahan ng bawat bagay.

Pagkatapos kumain ni Adan mula sa punungkahoy na ipinagbawal at palayasin papunta sa lupa, isinumpa ang lupa. Makakakain siya kung magtatrabaho siya buong buhay niya (Genesis 3:17). Nagdusa siya mula sa lamig at init ng panahon, sa gutom, pagod, at sakit dito sa lupa. Nabagabag siya at nag-alala dahil naputol ang komunikasyon niya sa Diyos. Naranasn din niya ang nakakalungkot na insidente kung saan pinatay ng isang anak niya ang kapatid nito (Genesis 4).

Natanto na ni Adan ngayon kung gaano kasaya ang buhay niya sa Halamanan ng Eden. Nang maranasan niya ang kalungkutan, nabatid niya ang malaking pagpapasalamat sa lahat ng bagay. Dahil sa ginawa niya, lahat ng sangkatauhan, lahat ng inapo niya, ay dumadaan sa proseso ng pagdanas ng isang bagay at pagtanto ng 'katotohanan' dito sa mundo, dahil ito sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama. Sa madaling salita, natanto nila ang tunay na kasiyahan at tunay na pag-ibig sa pamamagitan ng pangangalaga ng sagkatauhan at dahil dito nakakapamili o nakakapagdesisyon sila tungkol sa mga bagay na magdadala sa kanila sa walang hanggang pagmamahal ng Diyos at sa kagandahan ng Langit.

## 2. May Pag-ibig sa Pangangalaga ng Sangkatauhan

Gusto ng mga magulang na maging pinakamahusay ang mga anak nila. Ipinapasok nila ang mga ito sa magandang eskwelahan at pinag-aaral sila ng mabuti. Ayaw mag-aral ng iba sa kanila, nahihirapan sila. Hindi sila matututo at masasanay. Pero ang mga nagtitiyaga at nagtatagumpay ay dapat magpasalamat sa mga magulang nila na sumuporta ng tapat sa kanila at sa mga guro na gumabay sa kanila.

Ganito ang pangangalaga ng Diyos ng pag-ibig sa sangkatauhan. Batid ng Diyos na magdurusa ang mga inapo ni Adan mula sa sakit, lungkot at kahirapan dahil sa mga pag-subok. Pero, pinayagan ito ng Diyos dahil kahit mahirapan sila, sa pamamagitan nito, magiging mga tunay na anak sila ng Diyos. Kinakailangan ang pangangalaga ng sangkatauhan para makapasok sa Langit. Magiging mga maluwalhating bunga kayo sa pagtitiwala ninyo sa Diyos at magtatagumpay sa lahat ng bagay ayon sa kabutihan at katotohanan.

Pagkatapos lalangin ng Diyos ang tao at sinimulan ang pangangalaga ng sangkatauhan, hindi lang niya tayo pinanood, nakibahagi Siya dito. Hindi Niya pinabayaan ang sangkatauhan sa lungkot at luha, dinama din Niya ang sakit. Ipinadala Niya ang mapagmahal na Anak Niyang si Jesus sa mundo para iligtas ang sangkatauhan na naging makasalanan. Nadama Niya ang lahat ng sakit habang nakikitang hinahamak at ipinapako si Jesus sa krus.

Batid na ng Diyos ang lahat ng bagay nang planuhin Niya ang pangangalaga ng sangkatauhan. At tiniis ng Diyos ang lahat ng sakit at lungkot dahil sa pagmamahal habang nangyayari ito. Batid ng Diyos ang kahinaan natin kaya hindi Siya humihinto na magbigay sa atin ng kapangyarihan at pagmamahal.

Nangako ang Diyos na sasamahan tayo kapag tatangis tayo sa pananalangin sa Kanya. Gagawin Niya ang mga hinihiling natin sa pangalan ni Jesu-Cristo. Kahit hindi natin alam kung ano ang hihilingin natin, tutulungan tayo ng Banal na Espiritu para maging matapang, Siya ang hihiling para sa atin (Isaias 58:9; Juan 14:13-14; Mga Taga Roma 8:26).

Mahal kong mga kapatid kay Cristo,

Itinanim ng Diyos ang punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama sa Halamanan ng Eden para maranasan ng unang nilalang at ng mga inapo niya ang tunay na kaligayahan. Hinihikayat ko kayo na alamin ang dahilan at ang kalooban ng Diyos tungkol sa pangangalaga ng sangkatauhan. Umaasa ako na mas magsisikap kayo na maging tunay na mga anak ng Diyos at makapasok nawa kayo sa pinakamagandang tirahan ng Langit, ang Bagong Jerusalem.

### Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# "Gumaling ang Sakit Ko sa Prostate"

Kapatid Melchor Reyes, 74 taong gulang,
Manila Manmin Church, Pilipinas

Noong taong 2007, gumigising ako ng pito hanggang walong beses sa gabi para umihi. Napakasakit ng pakiramdam ko kapag umiihi, natatakot na akong umihi. Noong taong 2008, inoperahan ako dahil sa prostatism (baradong daanan ng ihi) pero, hindi nagtagal, bumalik ang pananakit noong taong 2016. Pinayuhan ako ng doktor na sumailalim sa PSA (prostate specific antigen) tuwing tatlong buwan para mapigilan ang paglaki ng prostate.



Noong Agosto 2016, nakita sa resulta ng pagsusuri na ang PSA ay 6 (ng/mL), samantalang ang normal na sukat ay 3-4 (ng/mL). Noong Disyembre, lumaki pa ang sukat sa 20 (ng/mL). Sinabi sa akin na kung aabot sa 20 ang sukat nito magiging kanser na ito. Nabahala ako.

Noong Marso 19, 2017, isang araw bago isagawa ang pangatlong pagsusuri, sinabi ko sa pastor ng iglesya namin na si Pastor Timothy Eum ang tungkol sa sakit ko. Masaya kong tinanggap ang panalanging may panyong dinalanginan ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12). Pinagsisihan ko ang mga naging kasalanan at mga pagkakamali ko. Nagdesisyon ako na magsulong ng buhay bilang isang mabuting Cristiano.

Kinabukasan, wala na akong naramdamang pananakit kapag umiihi. Sa pagpapasuri ko, nakita na ang PSA ay 2, ito ay nangangahulugang normal na ang sukat nito. Hallelujah!

# "Tumanggap Ako ng Parangal at Binigyan ng mas Mataas na Posisyon sa Trabaho"

Diakonesa Jihyun Ha, 43 taong gulang,
Changwon Manmin Church



Noong taong 1997, nakapagtapos ako sa Department of Nursing Science, at nakakuha ako ng trabaho sa isang ospital. Sinikap kong ipakita ang mabangong samyo ni Cristo ayon sa itinuturo ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee.

Pinahalagahan ko ang tulong na maibibigay ko sa mga katrabaho ko at mga taong nasa mas mababang posisyon. Inalagaan ko ang mga pasyente na parang mga miyembro sila ng pamilya ko. Sinikap kong bigyan sila ng panatag na kalooban at pahalagahan ang mga pamilya ng bawat pasyente. Mabilis nagsigaling ang mga pasyente ko at maraming naghangad na maidestino sa departamento na ako ang namamahala. Naging mabuting halimbawa ako sa ospital.

Noong Disyembre 30, 2016, ginawaran ako ng Board Chairman Award, ibinibigay ito tuwing katapusan ng taon sa isang empleyado na gumawa ng kapuri-puring bagay para sa ospital. At noong Enero 6, 2017, tumaas ng isang antas ang posisyon ko, mula antas 4 naging antas 5, bilang pinuno ng isang departamento. Sa katunayan, madalang magpalit ng mga nars ang ospital na pinaglilingkuran ko, mga lingkod ng bayan ang tawag sa amin at maraming tao ang nag-aabang ng promosyon. Kakaunti lang ang binibigyan ng promosyon sa ospital, pero dahil naghandog ako ng pagsamba noong Araw ng Bagong Taon, at nanampalataya at nakipagkamay sa Punong Pastor, nabalitaan ko ang magandang balita. Malaking pagpapala ito, masayang-masaya ako!

Sa isang banda, nagpapasalamat ako, pero sa kabilang banda, nag-aalala ako. Ang dahilan nito ay sapagkat nadagdagan ang gawain ko sa ospital. Simula noong Pebrero 1, tatlong beses na ang toka ko sa trabaho. Umasa ako sa Diyos at sa kabutihan Niya sa akin. Noong Enero 23, dahil din sa tulong ng panalangin ng Punong Pastor, nabawasan ang tatlong beses ang toka ko. Hallelujah!

# "Iningatan Ako ng Malakas na Anghel sa Naganap na Aksidente ng Sasakyan!"



Diakonesa Seondeok Yang,
52 taong gulang,
Parokya 12, Manmin
Central Church

Noong Mayo 6, 2017, mga ika-7:30 ng gabi, Sabado, naglalakad ako pauwi sa bahay. Sa gilid ng daan na 'two-lane' ako naglalakad. May isang trak na biglang tumakbo papunta sa kinalalagyan ko, nakakabigla. Sumigaw ako nang malapit na ito sa akin, pero parang walang nakarinig sa akin.

Binangga ako ng trak at bumagsak ako sa lupa. Nang sandaling iyon, may nangyaring nakakamangha. Nakakita ako ng isang malakas na anghel, mas malaki ng kaunti sa trak, Pinigil nito ang trak gamit ang mga kamay at braso niya. Ang mga pakpak nito sa likuran niya ay nakatiklop. Tinakpan ako nito ng telang parang kurtinang manipis para protektahan ako.

Hindi nagtagal, may dumating na mga pulis, isinakay nila ako sa ambulansya at dinala sa ospital. Hindi ako nagkaroon ng problema sa katawan, walang masamang epekto ang aksidente. Marami na akong narinig na mga patotoo sa iglesya, pero mas nagkaroon ako ng malaking pananampalataya dahil naranasan ko mismo ang espirituwal na mundo. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nag-ingat sa akin sa pamamagitan ng isang anghel.

# "Malaki ang Posibilidad na Maging Abnormal ang Anak Ko, pero Normal Ito nang Ipanganak!"

Diakonesa Minkyung Lee, 31 taong gulang, Parokya 1, Manmin Central Church



Sa pagsusuring ginawa sa akin pitong taon na ang nakaraan, may nakitang mga bukol sa matris at obaryo ko, pero dahil sa panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, nawala ang mga ito!

Noong Enero 2017, pagkatapos kong magpakasal, may nagsabi sa akin na kung ang isang tao ay nagmula sa isang pamilyang may problema sa mga karamdamang may kinalaman sa matris o obaryo, mahihirapan silang magkaroon ng anak. Bago magtapos ang buwan ng Pebrero, bumisita ako sa doktora ko para ipasuri kung buntis na ako. Sinabi ko sa kanya na pitong taon na ang nakaraan, nagkaron ako ng malaking bukol sa matris na may sukat na 5.9sm, may dalawa o tatlong bukol pa sa paligid nito, at may isa pang bukol sa obaryo na may sukat na 3sm.

Sinabi niya, "Ang 4sm bukol sa matris ay napakalaki na. Kapag may ganito kalaking bukol mahihirapan kang magbuntis, at kahit hindi na ito lumaki pa, hindi ito basta mawawala. At kahit mawala pa ito, may maiiwang kaunti. Magsagawa tayo ng mas malalim na pagsusuri." Pagkatapos ng pagsusuri, sinabi niya, "Wala akong nakitang mga bukol sa matris mo. Napakalinis nito. Nagkaroon ka ba talaga ng mga bukol?"

Natanto ko na ganap ang pagpapagaling sa akin ng Diyos. Ni walang naiwang bakas. Nagpasalamat ako sa Diyos at muli kong nadama ang malaking kapangyarihan ng pastol.

Noong Abril 7, ika-11 linggo ng pagbubuntis ko, sumailalim ako sa congenital anomaly test para sa sanggol na ipapanganak ko. Ang unang ginawa ay ang nuchal translucency scan. Kapag ito ay 2.5-3mm, ito ay normal. Pero kapag mahigit ito sa 3mm, may posibilidad na maging abnormal ang sanggol. Sa magiging sanggol ko, nasuring 4.12mm ang sukat, at mas makapal pa kaysa sa mga normal na sanggol.


Hindi lubos na naniwala ang doktor ko na hindi normal ang sanggol. Iminungkahi niya na magsagawa ulit ng pasusuri. Dahil mas malalim at metikuloso ang pagsusuri nito sa sanggol sa sinapupunan, mas malinaw na makikita dito kung hindi ito normal. Hindi ako nababahala. Naniwala kaming mag-asawa sa Diyos na Manlilikha at sa kapangyarihan ng muling paglikha ng pastol. Uminom ako ng Muan Sweet Water, naipapakita ng Diyos ang kapangyarihan Niya sa pamamagitan nito (Exodo 15:25), naghanda kami at nanalangin.

Noong Abril 9, tinanggap namin ang panalangin ng Punong Pastor. Idinalangin niya na maging normal ang sanggol ko. Nang sandaling iyon, nag-init ang puso ko, natiyak ko na matutupad ang panalangin dahil sa kapangyarihan ng pastol. Pagtulog ko, nanaginip ako, napanaginipan ko ang Punong Pastor na sinabi sa akin na normal ang sanggol ko. Gumaan ang kalooban ko.


Noong Abril 11, isinailalim ulit ako sa masusing pagsusulit. Lumiit ang bukol, mula 4.12mm, naging 2mm sa loob ng tatlong araw lang! Normal na ito. Nagtaka ang doktor sa mga pangyayari, sinabi niya, "Marami na akong nakitang mga kaso na lumiit ang mga bukol sa loob ng dalawang linggo, pero ngayon lang nangyari na lumiit ang mga ito sa loob ng tatlong araw."

Normal din ang chorionic villus test. Hindi na kami nababahala na magiging abnormal ang sanggol namin. Hallelujah!

Lubos akong nagpapasalamat na nabubuhay akong mapayapa ang kalooban kahit ano pa ang situwasyon dahil nakatagpo ko na ang buhay na Diyos. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na sumagot sa panalangin ko sa pamamagitan ng kapangyarihan Niya sa muling paglikha, pinagpapala Niya kami.



Bago ipanalangin
5.9sm bukol sa matris



Pagkatapos ipanalangin
Wala na ang bukol



Bago ipanalangin
Ang kapal ng NTS ay 4.12mm, may posibilidad na magiging abnormal



Pagkatapos ipanalangin
Naging manipis ito 2mm na lang

# "Muli Akong Nabuhay Dahil sa Panalangin na Lumalampas sa Lugar at Panahon"

Kapatid Mary Muwenny, 42 taong gulang, Nairobi Manmin Holiness Church, Kenya

Noong papatapos na ang Pebrero 2017, sumakit ng matindi ang tiyan ko, isang buwan akong nagsuka. Hindi ako makakain. Mula Abril, nag-ubo ako, nahilo ako. Dahil dito, sumakit na ang likod ko, hindi ako maka-upo ng tuwid.

Noong Mayo 11, nawalan ako ng malay dahil sa matinding pananakit ng tiyan. Natulog ako nang matagal (coma) dahil sa maraming karamdaman – cerebromeningitis, gastric ulcer, brain damage, hemiplegia, pneumonia, at esophagitis. Isinugod ako sa ospital, at sinabi ng pamilya ko sa pastor namin na si Pastor Samuel Han ang tungkol sa kalagayan ko. Noong Mayo 14, araw ng Linggo, tinanggap niya ang panalangin ng Punong Pastor para sa mga maysakit para sa akin.



Sa Pagsamba sa Linggo ng Umaga sa GCN, tinanggap niya ang panalanging lumalampas sa lugar at panahon habang dala ang litrato ko. Kasabay nito, tinanggap din ng mga anak kong babae ang panalangin ng Punong Pastor na naka-record sa cell phone nila habang binabantayan nila ako sa ospital. Ipinadinig nila sa akin ang panalangin.

Pagkatapos, may nangyaring hindi ko lubos na maisip. Pagkapanalangin, nagising ako, nakilala ko ang mga tao sa paligid. Napakamakapangyarihan ng panalangin, nagkamalay ako kahit naghihingalo na ako. Nakakakain na ako ngayon, nababawi ko na ang lakas ng katawan ko.

Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay para sa Diyos na nagligtas sa akin mula sa kamatayan at nagbigay sa akin ng isa pang pagkakataon. Nagpapasalamat din ako sa Punong Pastor na nanalangin para sa akin.


## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714